# Lynnwood Link Connections

# Buod ng Yugto 1 na Pampublikong Pakikipag-ugnayan

Pebrero-Hunyo 2022

## Yugto 1 na Pakikipag-ugnayan – Pagsusuri sa mga Pangangailangan

*Isinagawa noong Pebrero-Hunyo 2022*

**Mga Layunin**

Layunin ng Yugto 1 na pakikipag-ugnayan na maunawaan ang mga pangangailangan ng transit sa lugar ng proyekto at mahikayat ang mga miyembro na maglingkod sa Mobility Board ng komunidad. Sa unang yugto ng pakikipag-ugnayan sa komunidad, nakatuon ang Metro sa pagpapakilala ng proyekto sa mga miyembro ng komunidad, pangangalap ng opinyon sa pamamagitan ng survey, pagsusuri ng mga pangangailangan sa maraming wika, pagbuo ng mga ugnayan sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad sa hilagang-silangan ng King County, at panghihikayat at pakikipagpulong sa Mobility Board at Partner Review Board. Ipinakilala ang saklaw ng proyekto sa mga internal at external na stakeholder.

Napag-alaman ng project team ang mga kasalukuyang kondisyon, isyu, at pangangailangan sa pamamagitan ng pagsusuri, pagsusuri sa equity, lokal na pakikipagtulungan sa mga lungsod at ahensya, at pakikipag-ugnayan sa komunidad. Nagsagawa ng sunod-sunod na pagpupulong ang Metro kasama ang Mobility Board para suriin ang feedback na natanggap namin mula sa publiko. Nakatulong ang impormasyong iyon na matukoy ang mga pangunahing pangangailangan sa mobility na siyang gumabay sa planning team ng Metro sa pagpapaunlad ng draft na konsepto ng serbisyo. Ibinahagi sa Mobility Board at Partner Review Board noong Hunyo 2022 ang draft na konsepto ng serbisyo na iyon para suriin at magbigay ng opinyon tungkol sa mahahalagang tanong para ipaalam ang mga plano para sa Yugto 2 na pakikipag-ugnayan sa komunidad.

## Ano ang Natutuhan namin sa Yugto 1 na Pakikipag-ugnayan

Ibinuod ng Metro ang natanggap naming feedback mula sa lahat ng paraan ng pakikipag-ugnayan at tinukoy ang sumusunod na 10 pangangailangan sa lugar ng proyekto batay sa opinyon ng publiko.

**<u>Mga Nangungunang Tema ng Yugto 1 na Pagsusuri ng mga Pangangailangan</u>**

1. **Gumawa ng mga bago at pinahusay na koneksyon ng transit mula silangan patungong kanluran**
2. **Magbigay ng transit papunta/paalis sa mga pangunahin at mahahalagang destinasyon na tinukoy ng komunidad, kung saan nakatira ang mga prayoridad na populasyon*, at mga lokasyon na may pinaplanong magtayo ng malalagong pabahay (sa taong 2026)**
3. **Pahusayin ang kaligtasan at kaginhawaan sa bawat hintuan ng transit at habang sumasakay ng bus o tren**
4. **Tiyakin ang madaling access papunta/paalis sa mga hintuan ng transit**
5. **Tiyaking komportable, madaling ma-access, maaasahan, at tuluy-tuloy ang paglipat sa mga transit hangga't maaari para sa lahat ng pasahero, lalo na sa mga prayoridad na populasyon**
6. **Panatilihin at pahusayin ang dalas ng pagbiyahe sa mga rutang nagkokonekta papunta/paalis sa mga pangunahing destinasyon at/o dalas ng transit na may malaking kapasidad (hal. RapidRide, Link, Stride BRT)**
7. **Pahusayin ang serbisyo tuwing gabi sa mga pangunahing/mahahalagang destinasyon**
8. **Pahusayin ang oras ng pagbiyahe papunta/paalis sa mga pangunahing destinasyon**
9. **Pahusayin ang serbisyo sa transit sa katapusan ng linggo para sa mga pangunahing/mahahalagang destinasyon**

10. **Pahusayin ang mga koneksyon mula hilaga patungong timog na papunta/paalis sa madadalas na corridor at hub ng transit**

**Mga Prayoridad na Populasyon: kasama sa mga prayoridad na populasyon ang mga miyembro ng komunidad na may kabuuang pansambahayang kita na $35,000 pababa, may kapansanan, nagsasalita lang ng isang wika sa bahay maliban sa English, o kinikilala na kabilang sa isang lahi at/o etnisidad maliban sa Non-Hispanic White.*

## Magplano

Sa Yugto 2, pinaplano na ang pampubliko at nakatuong outreach para sa mga partikular na lugar o madla na maaaring makaranas ng pinakamalalaking iminumungkahing pagbabago. Kasama rito ang mga lugar kung saan maaaring pabago-bago o tinanggalan ng serbisyo; mga paaralan at iba pang madlang pang-edukasyon; access sa mga pangunahing destinasyon ng komunidad; pati na rin ang mga equity priority na lugar kung saan ang mga pagbabago ay maaaring magbigay ng serbisyo sa ibang corridor kaysa sa mga kasalukuyang ruta.

Magbibigay rin ang pangkalahatang pampublikong outreach ng mga pagkakataon para sa mga pang-araw-araw na pasahero at residente na suriin ang mga detalye ng ruta at magbigay ng feedback kung paano mapabubuti o mababawasan ng mga pagbabago ang kanilang kakayahang gumamit ng pampublikong transportasyon.

**Kung gusto mo ng higit pang impormasyon sa gusto mong wika, bisitahin ang aming Lynnwood Link Connections project page (**Lynnwood Link Connections - King County Metro Transit**) o makipag-ugnayan sa amin sa: haveasay@kingcounty.gov**